

PANGANGALAKAL VS PAGPUPUSLIT

Ang **Pangangalakal ng Tao** ay isinasangkot ang paggamit ng dahas, panloloko, o pamimilit upang makuha ang ilang uri ng pagtatrabaho o pagbebenta ng laman, o kung saan ang tao na nagbebenta ng laman ay wala pang 18 taong gulang.

Ang **Pagpupuslit ng Tao** ay ang sadyang pag-iwas sa mga batas ng imigrasyon sa pamamagitan ng pagdadala ng mga hindi dokumentadong hindi mamamayan sa U.S. at ang labag sa batas na transportasyon at pagtatago ng mga hindi dokumentadong hindi mamamayan na nasa U.S.

Ang mga ito ay *hindi* mapagpapalit na mga termino

Ang **Pagpupuslit** ay batay sa transportasyon at isang krimen laban sa isang border
Ang **Pangangalakal ng Tao** ay batay sa pagsasamantala at isang krimen laban sa isang tao

PAGKILALA NG PANGANGALAKAL NG TAO – TANUNGIN ANG IYONG SARILI:

- Pag-aari ba ng biktima ang sarili niyang pagkakakilanlan at mga dokumento sa pagbibiyahe?
- Ang biktima ba ay tinuturuan kung ano ang sasabihin sa mga miyembro ng komunidad, manggagawa, tagapagpatupad ng batas o opisyal ng imigrasyon? May iba bang nakikipag-usap para sa biktima?
- Ang biktima ba ay kinalap para sa isang layunin pero pinilit na gumawa ng ibang trabaho?
- Ang sahod ba ng biktima ay labag sa batas na pinalalabas na pambayad sa utang o bayarin? (Ang pagbabayad lamang para sa pagpupuslit ay hindi itinuturing na pangangalakal ng tao.)
- Ang biktima ba ay pinipilit na magbenta ng laman?
- Ang biktima ba o ang kanyang pamilya ay binabantaang mapipinsala kung susubukang tumakas?
- Ang biktima ba ay binabantaang ide-deport o kakasuhan ng kriminal?
- Ang biktima ba ay napinsala, pinagkaitan ng pagkain, tubig, tulog, o medikal na pangangalaga, o iba pang pangangailangan sa buhay?
- Ang biktima ba ay malayang makipag-ugnayan sa mga kaibigan o pamilya ng hindi tinuturuan o sinusubaybayan?
- Ang biktima ba ay wala pang 18 taong gulang at nagbebenta ng laman?
- Ang biktima ba ay nakatira sa mababang klaseng pabahay?